ANG KAPAHAYAGANG CAMBRIDGE

Ika-20 ng Abril 1996

Panimula:

Ang mga Ebanghelikong iglesia ngayon ay patuloy na sinasakop ng espiritu ng ating panahon kaysa Espiritu ni Kristo. Bilang mga Ebangheliko, tinatawag naming lahat na tumalikod sa ganitong uri ng kasalanan at manumbalik patungo sa makasaysayang Kristiyanong pananampalataya.

Ayon sa takbo ng kasaysayan, ang ibig sabihin ng mga salita ay nagbabago. Maging sa ating panahon, ang salitang "Ebangheliko" ay ganun din ang nagyari. Nuong nakaraan, ang salitang ito ang nagsilbing bigkis ng pagkakaisa sa pagitan ng mga Kristiyano mula isa iba't ibang tradisyong pang-iglesia. Ang Makasaysayang Ebanghelismo ay "confessional". Niyayapos nito ang mga mahahalagang katotohanan ng Kristiyanismo na sinaad mula pa sa mga magigiting na konsilyong panglaganap ng iglesia. Gayundin, bahagi ang mga ebangheliko ng pamana ng "solas"nuong ika-16 na siglo ng Protestanteng Repormasyon.

Ngayon ang liwanag ng Repormasyon ay di birong nauupos. Bilang kapalit, ang salitang "ebangheliko" ay naging halo-halo na sapagkat nawalan na ito ng ibig sabihin. Tayo ay humaharap sa panganib na mawala ang kaisahan na pinanday sa loob ng maraming siglo. Dahil sa panganib na ito at dahil sa pagmamahal natin kay Kristo, sa kanyang ebanghelyo at sa kanyang iglesia, pinagsusumikapan namin na manindigan muli para sa mga mahahalagang katotohanan ng Repormasyon ang ng Makasaysayang Ebanghelismo. Ang mga katotohanang ito na ay aming sinasangayunan hindi lamang dahil sa kahalagahan nito sa aming tradisyon bagkus dahil sa nanampalataya kami na sentro ito ng Banal na Kasulatan.

Mga Katanungang pangusapin:

1. Ano ang pagkakaiba ng "espiritu ng panajon sa Espiritu ni Kristo"? (Rom 8:9; 2 Cor 3:17-18 at 2 Cor 4:3-5)
2. Ano ang mga naging babago sa salitang "Ebangheliko" mula nuon hanggang ngayon?
3. Bakit mahalaga ang manumbalik tayo sa orihinal na kahulugan ng pagiging Ebangheliko?

Sola Scriptura: Pagbagsak ng Kapamahalaan

Ang Banal na Kasulatan lamang ang di nakakamaling pamantayan ng buhay-iglesia gayunpaman ang mga ebanghelikong iglesia ng ating panahon ay humihiwalay mula sa kapamahalaan ng Banal na Kasulatan. Sa kasanayan, ang iglesia ay ginagabayan, madalas sa minsan, ng kultura. Terapiyang pamamaraan, stratehiyang pang-marketing at ang mga uso sa mundo ng libangan ang madalas na may higit na lugar sa kung ano ang gusto ng iglesia, kung paano kikilos ito at kung ano maari niyang ibigay kaysa sa kung ano ang mayroon ang Salita ng Dios. Iniwan ng mga pastor ang kanilang karapatang pamahalaan ang pananambahan kasama dito ang mga doktrina mula sa awitin. Sapagkat tinalikuran na ang kasanayan mula sa kapamahalaan pangbibliya, ang mga katotohanan ay lumalabong tuluyan sa Kristiyanong kaisipan, at ang mga doktrina ay nawawalan na ng tapang, ang iglesia ay patuloy na

nauubusan sa kanyang sarili ng integridad, moral na kapamahalaan at direksyon.

Imbis na isangayon ang Kristiyanong pananamapalataya sa mga pangangailangan ng isang konsumer, kailangan natin ipahayag ang Kautusan bilang tanging pamantayan ng tunay na katuwiran at ang ebanghelyo bilang tanging kapahayagan ng nakapagliligtas na katotohanan. Pangbibliyang katotohanan ang natatanging kailangan para sa pangunawa, pangangalaga at disiplina ng iglesia.

Dapat nating hayaan ang Banal na Kasulatan na dalhin tayo labas sa ating mga gustong pangangailangan patungo sa totoo nating pangangailangan at palayain na tignan ang ating mga sarili sa pamamagitan ng mga mapanuksong imahen, mga uso, pangako at prioridad ng pangmasang kultura. Tangi lamang sa liwanag ng Katotohan ng Dios maiintindihan natin ng tama at makikita ang probisyon ng Dios para sa ating mga pangangailangan. Ang Bibliya, samakatawid, ay dapat ituro at ipangaral sa loob ng iglesia. Ang mga sermon ay dapat paglaladhalad ng Bibliya at ng kanyang katuruan, hindi mga kasabihan ng opinion ng tagapagpahayag o mga idelohiya ng ating panahon. Dapat tayong manindigan duon lamang sa kung ano ang ibinigay ng Dios sa tin.

Ang gawa ng Espiritu Santo sa ating mga personal na karanasan ay hindi maaring kalasin mula sa Banal na Kasulatan. Ang Espiritu ay hindi kumikilos sa paraan na hiwalay sa Banal na Kasulatan. Labas sa Banal na Kasulatan, hindi natin magpaalaman ang biyaya ng Dios kay Kristo. Ang pangbibliyang Salita, higit pa sa espiritwal na karanasan, ang sumusubok sa katotohanan.

Unang Panukala: Sola Scriptura

Muli naming ipinagtitibay na ang di-nagkakamaling Banal na Kasulatan ang natatanging pinanggagalingan ng kasulutan ng maka-Dios na pagpapakila na siya lamang ang maaring gumapos ng budhi. Ang Bibliya lamang ang nagtuturo ng lahat ng kinakailangan para sa ating kaligtasan mula sa kasalanan at ang pamantayan kung saan ang lahat ng Kristyanong paguugali ay dapat sukatin.

Aming itinatanggi na anumang kredo, konsilyo or sinoman tao ang maaring gumapos ng budhi ng Kristiyano, na ang Banal na Espritu ay nangungusap hiwalay o labas sa anomang isinasaaad ng Bibliya, o ang mga personal at espirituwal na karanasan ay maarinng maging sisidlan ng pagpapakilala.

Mga Katanungang pangusapin:

1. Bagama't ang Banal na Kasulatan lamang ang batayan ng buhay at pananampalataya, ano ang madalas gamitin ng iglesia sa ngayon na pamatayan ng kailangan buhay iglesia?
2. Bilang kapalit, ano ang nagiging bunga nito kabuoang pamamahala ng iglesia?
3. Ano dapat ang sentro ng pamamahayag ng iglesia at bakit? (1 Cor 1:23; Rom 10:17
4. Ano ang ibig sabihin na ipinahahayag ang Salita ng Dios? Ano dapat ang mga nilalaman nito? (Lucas 24:27; Heb 1:1-2)
5. Ano ang relasyon ng Salita ng Dios at ng Espiritu Santo?